



Joint Legislative Audit & Review Committee

**We want to
learn from you!**

Pag-aaral sa DDA ng JLARC

Ibahagi ang iyong karanasan sa pag-aaplay sa mga serbisyong para sa mga may kapansanan sa pag-unlad

Nirerebyu naming kung paano ang DDA ay:

- Tinitiyak ang elihibilidad.
- Sinusuri ang mga pangangailangan sa serbisyo.
- Sinisigurado na may access ang mga tao sa mga serbisyong kanilang kailangan.

Gusto naming malaman kung ang mga proseso ay user-friendly at kung mayroon mang maaring mapabuti pa.

Ang mga karanasan ng mga kliyente ng DDA, kanilang mga pamilya, at mga kinatawan ay makakatulong sa pagpapabuti kung paano nagbibigay ang DDA ng mga serbisyo.

Maaari ba akong lumahok?

Ang mga kliyenteng nasa wastong gulang ng DDA at ang kanilang mga pamilya o mga kinatawan ay maaaring magboluntaryo na lumahok sa pamamagitan ng pagpunta sa sumusunod na URL: https://umn.qualtrics.com/jfe/form/SV_OILTcNIPIeKMOBO

o tumawag sa: (888) 240-8636

May mga katanungan ako. Kanino ako maaaring makipag-ugnayan?

Matt Roberts at Emily Unholz-Bowden:
WADDAEVAL@umn.edu Telepono: (888) 240-8636

Ano ang nangyayari

Ang JLARC ay nirerebyu kung paano naglilingkod ang Developmental Disabilities Administration (DDA) sa mga kliyente. Inatasan ng Lehislatibo ang Joint Legislative Audit and Review Committee (JLARC) na suriin ang Washington State Developmental Disabilities Administration (DDA). Alamin ang higit pa tungkol sa rebyu ng **JLARC** sa (https://leg.wa.gov/jlarc/reports/PSQ/DDA_PSQ.pdf).

Ang University of Minnesota (UMN) ay tumutulong sa pagkuha ng mga opinyon mula sa mga kliyente, pamilya, at mga kinatawan ng DDA.

Ang Institute on Community Integration sa UMN ay isusurvey ang mga volunteer. Ang survey ay may tatlong maikling bahagi na gagawin ng mga volunteer sa loob ng ilang linggo. Ang mga kawani ng UMN ay mag-iinterview din ng ilang mga volunteer nang indibidwal at sa maliit na mga grupo. Matuto pa nang mas mabuti tungkol sa **Institute** (<https://ici.umn.edu/welcome/overview>).

Poprotektahan namin ang inyong impormasyon:

- Hindi namin gagamitin ang mga pangalan o iba pang personal na pagkakakilanlan na impormasyon sa aming mga report.
- Hindi namin ibabahagi ang inyong indibidwal na mga sagot sa DDA.

- Hindi makaaapekto ang inyong partisipasyon sa inyong elihibilidad o sa mga serbisyong inyong natatanggap.
- Hindi gagamitin ng University of Minnesota ang impormasyong nakolekta mula sa mga kliyente at kanilang mga pamilya/kinatawan sa ibang pananaliksik.

Mas Matuto

1. Sino ang JLARC?

Ang Joint Legislative Audit and Review Committee (JLARC) ay isang komite ng Washington State House at Senate na may pantay na bilang ng mga Republican at Democrat. Ang non-partisan na kawani ng komite ang nagsasagawa ng mga performance audit at mga program evaluation para sa Washington State Legislature. Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa opisina sa "Tungkol sa amin" na page ng aming [website](https://leg.wa.gov/jlarc/Pages/aboutjlarc.aspx) (<https://leg.wa.gov/jlarc/Pages/aboutjlarc.aspx>).

2. Mas gusto ko sanang ibigay ang aking feedback sa pamamagitan ng telepono. Pwede ba?

Oo. Mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng University of Minnesota sa pamamagitan ng telepono sa (888) 240-8636.

3. Wala akong access sa computer. Maaari ba akong makilahok pa rin?

Kung wala kang access sa computer o smartphone, maaari ka pa ring makilahok sa proyekto. Maaari kang magsimula sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga kawani ng University of Minnesota sa pamamagitan ng telepono sa (888) 240-8636.

4. Mayroon bang available na mga serbisyong translation ng wika?

- Oo. Ang sign-up form ay available sa iba't ibang wika:: Arabic, Chinese, English, Khmer (Cambodian), Korean, Hindi, Russian, Spanish, Somali, Tagalog, Ukrainian, at Vietnamese. Maaaring magdagdag pa ng iba pang mga wika. Kung may mga katanungan ka o gusto mong humiling ng alternatibong wika, mangyaring tumawag sa (888) 240-8636.
- Ang survey ay available sa iyong piniling wika.
- May mga available na translator sa panahon ng mga interbyu at talakayan ng grupo.

5. Sino ang maaaring lumahok? Pwede bang sumagot ang aking miyembro ng pamilya o kinatawan sa aking ngalan?

- Maaari kang makilahok kung ikaw ay isa sa sumusunod:
 - Isang kliyente ng DDA na 19 taong gulang o higit pa at kayang sumagot sa mga tanong ng survey nang independiyente o may suporta ng ibang tao.
 - Isang miyembro ng pamilya/kinatawan ng isang bata o matandang nakarehistro sa mga serbisyo ng DDA.
 - Kung ikaw o ang taong kinakatawan mo ay nag-aplay para sa DDA ngunit hindi pinagkalooban ng karapat-dapat, maaari ka ring makilahok.
- Maaaring makilahok ang anumang kombinasyon ng mga kliyente ng DDA at ang kanilang mga miyembro ng pamilya/kinatawan (ang kliyente lamang, ang kasapi ng pamilya/kinatawan lamang, o pareho). Hihilingin sa iyo ng survey na tukuyin kung ikaw ay isang kliyente ng DDA o isang miyembro ng pamilya/kinatawan.

6. Kailangan ba akong makilahok?

Hindi. Ang paglahok ay boluntaryo.

7. Paano Ninyo gagamitin ang aking mga sagot?

- Pagsasama-samahin namin ang inyong mga sagot kasama ang mga sagot mula sa iba pang mga kliyente at pamilya/kinatawan. Gagamitin namin ang pinagsamang impormasyon upang suriin ang mga proseso ng DDA para sa pagtukoy ng elihibilidad, pagsusuri ng mga pangangailangan, at pagtitiyak na ang mga kliyente ay may access sa mga serbisyo. Nais naming tulungan ang DDA na mapabuti ang kanilang mga proseso at serbisyo sa estado. Kung makikita namin ang mga pangkaraniwang isyu o mga alalahanin, isasama namin ang mga ito sa aming kumpletong ulat sa Legislature.
- Hindi makakatanggap ang DDA ng positibong o negatibong feedback na partikular sa indibidwal na mga case manager o opisina.

8. Paano poprotektahan ng JLARC at ng University of Minnesota ang aking personal na impormasyon?

- Ang lahat ng impormasyong maaaring magbigay ng iyong pagkakakilanlan ay pribado at gagamitin lamang para sa proyektong ito. Hindi kami magtatanong ng anumang impormasyong pinansyal.
- Walang ibang tao na hindi kawani ng JLARC at University of Minnesota ang magkakaroon ng access sa iyong indibidwal na mga sagot.

9. Ano ang kailangan ko kapag ako ay nag-sign up?

- Lahat ng magpaparehistro ay hihingin na gawin ang isang survey na may tatlong bahagi sa loob ng ilang linggo. Itatanong sa iyo ng survey ang tungkol sa iyong mga karanasan sa proseso ng pagtiyak ng elihibilidad ng DDA at pagsusuri at anumang mga hadlang na iyong hinarap sa pag-access sa mga serbisyo. Ang bawat bahagi ng survey ay maikli lamang at tatagal lamang ng 10-15 minuto para makumpleto
- Kapag nagparehistro ka, hihingin sa iyo na tapusin ang una sa tatlong maikling survey. Ang University of Minnesota ay makikipag-ugnay sa iyo kapag panahon na upang tapusin ang sumunod na dalawang survey.
- May ilang tao na kapapanayamin ng mga kawani ng University of Minnesota. Ang mga panayam ay magbibigay daan sa kanila upang mas mahusay na maunawaan ang mga karanasan na kinakaharap ng mga kliyente kapag dumadaan sa proseso ng elihibilidad ng DDA at pag-access sa mga serbisyo.
- May ilang tao na magiging bahagi ng mga maliit na talakayan ng grupo. Ang mga talakayang ito ay magbibigay-daan sa iyo at sa iba pang mga kliyente ng DDA at pamilya/kinatawan upang talakayin kung aling mga hadlang sa access ang pinakamahalaga na dapat bigyan ng pansin at kung paano mapapabuti ang mga proseso at pamamaraan ng DDA. Ang ilan sa mga talakayang ito ay gagawin nang personal at ang iba naman ay sa pamamagitan ng video conference.

10. Maaari ba akong makilahok sa isa lang sa mga hakbang o kailangan kong makilahok sa lahat ng tatlo?

Ang mga kliyente ng DDA at mga miyembro ng pamilya/kinatawan ay maaaring lumahok sa isa o higit pang hakbang ng proyekto. Ang paglahok sa bawat yugto ay ganap na boluntaryo at hindi nangangahulugan na ikaw ay obligadong lumahok sa mga susunod na yugto ng proyekto.

11. Saan at kailan magiging available ang mga resulta ng pag-aaral?

Ang report ay magiging available sa website ng JLARC sa katapusan ng Nobyembre sa taong 2024. Ang mga kawani ng JLARC ay ipepresenta ang mga pangunahing natuklasan sa mga miyembro ng JLARC sa Disyembre 4, 2024 (petsa ay maaaring magbago). Pagkatapos magwakas ang proyekto, ang mga kawani ng University of Minnesota ay gagawa ng user-friendly na buod ng mga natuklasan at rekomendasyon.